

PINANANATILING NAKAUGNAY KAYO SA PANAHON NG COVID-19

Nauunawaan namin na marami sa aming mga customer ang naapektuhan ng COVID-19 ngayong taon nang direkta o hindi. Upang maalalayan kayo sa panahong ito ng pag-aalinlangan, nagpatupad na kami ng ilang mga pangkukop para sa customer na nagkakaloob ng tulong pananalapi at iba pang uri ng tulong upang matulungan kayo na mapangasiwaan ang inyong buwanang singil sa kuryente.



KUMUHA NG TULONG SA PAGBABAYAD NG INYONG BILL AT MGA DEPOSITO

Kung nagkakaroon kayo ng mga problema kaugnay ng mga pagbabayad, makikipagtulungan kami sa inyo upang matiyak na ang inyong tahanan ay mananatiling may kuryente.

- Lumikha na kami ng **mga bagong plano kaugnay ng pagbabayad at tinigil ang mga pagkakalag** upang matulungan ang mga customer na ang katayang papananalapi ay naapektuhan ng COVID-19. Upang makausap ang aming Customer Contact Center tungkol sa mga pakikipag-ayos kaugnay ng pagbabayad at mga pagpapahaba, tumawag sa **1-800-655-4555**. Makakabisita rin kayo sa sce.com/billhelp upang alamin ang higit pa tungkol sa mga oportunidad na may kinalaman sa tulong papananalapi.
- Dagdag pa rito, **inaalis na namin ang mga iniaatas na kinakailangang deposito at ang mga multa dahil sa nahuling pagbabayad** para sa mga pangtahanang customer.



BAWASAN ANG INYONG BILL SA PAMAMAGITAN NG MGA PROGRAMANG TULONG PAPANANALAPI

Kung kamakailan lamang ay nakaranas kayo ng mga pagbabago sa inyong sitwasyon kaugnay ng inyong sitwasyong papananalapi at/o patungkol sa inyong pagtatrabaho, maaaring maging nararapat kayo para sa aming mga programang tulong papananalapi, o sa *one-time* o isang-beses lamang na pagbabayad sa pamamagitan ng aming Energy Assistance Fund.

- Ang ating mga programang California Alternate Rates for Energy (CARE) at Family Electric Rate Assistance (FERA) ay makakatulong sa inyo na **makapagtipid nang hanggang 30% kada buwan** sa inyong bill sa kuryente. Pansamantala rin naming **tiitigilin ang ilang mga iniaatas hangang Abril 2021** upang matiyak na ang kasalukuyan at ang bagong mga kasali sa CARE at FERA ay patuloy na tatanggap ng diskwento sa sinisingil sa kanila. Alamin ang higit pa tungkol sa pagkakarapat-dapat at tungkol sa pagpapatala sa pamamagitan ng pagbisita sa sce.com/billhelp
- Ang Energy Assistance Fund (EAF) ay pansamantalang nagkakaloob nang hanggang sa **\$300 na kabuuang tulong para sa direktang pagbabayad ng bill** para sa mga karapat-dapat na customer dahil sa kita, na naapektuhan ng COVID-19. Para sa karagdagang kaalaman, bisitahin ang sce.com/eaf
- Kung kayo ay **nangangailangan ng mga kasangkapang medikal na pinapagana ng kuryente**, maaaring maging karapat-dapat kayo para sa aming Programang Medical Baseline na nagdadagdag sa dami ng kuryente na maaari ninyong gamitin nang hindi na kakailanganin pang magbayad nang mas mataas na antas. Tumawag sa **1-800-655-4555** o bisitahin ang sce.com/tl/medicalbaseline



HUWAG MAGPALOKO SA MGA SCAM

Siniseryoso namin ang pagsarilinan ng customer at ginagawa ang lahat ng pagsusumikap upang makupkop ang impormasyon tungkol sa inyo. Bilang isang paalala:

- Kailanman ay hindi kami tatawag upang humingi ng agad-agad na bayad na may kasamang pagbabanta na puputulin ang serbisyo o aalisin ang metro.
- Wala kaming kagawaran na ang gawain ay magkakalag.
- Hindi kami tumatanggap ng mga pre-paid na Visa card, Bitcoin o ng mga pre-paid na cash card para sa pagbabayad ng mga bill.
- Ang isang empleyado ng SCE kailanman ay hindi manghihingi ng cash nang personal.

Upang mag-ulat ng isang posibleng scam, bumisita sa sce.com/scamalert



MANATILING LIGTAS

Kailangang sama-sama tayong magtulungan upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19 sa California.

- **Ang pagsusuot ng mask sa publiko, ang pagdistansiya o paglayo (social distancing o physical distancing) at ang kalinisan** ay makakatulong sa pagkukop sa inyo pati sa mga nasa paligid ninyo.
- **Ang pagpapasuri** ay makakatulong sa atin na mapabagal ang pagkalat ng virus. Upang malaman ang pinakamalapit sa iyo na lugar pampagsusuri, bisitahin ang <https://covid19.ca.gov/testing-and-treatment/>

Upang alamin ang higit pa tungkol sa pagtugon namin sa COVID-19, bisitahin ang sce.com/tl/safety/coronavirus o tumawag sa 1-800-655-4555.